# 4

# Musika

## Kwarter 1 – Modyul 1: Mga Uri ng Note at Rest




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Musika – Grade 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Kwarter 1 – Modyul 1: Mga Uri ng Note at Rest**
**Unang Edisyon, 2020**

“Isinasaad ng **Batas Republika 8293**, **sekyon 176** na “Hindi maaaring magkaron ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito’y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaringgawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.”

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand names, tatak o trademarks, palabras sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis-Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Serena A. Bardaje

**Editor:** Jerilyn M. Torio

**Tagasuri:** Cynthia T. Montaňez

**Tagaguhit:** Emma N. Malapo

**Tagalapat:** Serena A. Bardaje

**Tagapamahala:** Regional Director: Gilbert T. Sadsad
CLMD Chief: Francisco B. Bulalacao, Jr.
Regional EPS In Charge of LRMS: Grace U. Rabelas
Regional ADM Coordinator: Ma. Leilani R. Lorico
CID Chief: Gerson V. Toralde
Division EPS In Charge of LRMS: Belen B. Pili
Division ADM Coordinator: Cynthia T. Montaňez

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Telefax: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

# Musika

## Kwarter 1 – Modyul 1

## Mga Uri ng Note at Rest

## Paunang Salita

Ang Self-learning Module o SLM ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral so kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral mna may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.
Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahn ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Magandang araw sa iyo!

Bawat komposisyong musikal ay binubuo ng iba't-ibang note at rest at ng iba pang simbolong pangmusika. Ang bawat note ay may katumbas na rest. Ang note ay simbolong pangmusikal na ilinalagay sa staff para magkaroon ng sariling tono o tunog. Ang note ay may iba't-ibang bahagi at ito ay ang mga sumusunod- head, stem, hook at beam. Samantala, ang rest naman ay nangangahulugan ng katahimikan o silence.

Sa modyul na ito ay malilinang ang iyong kaalaman sa pagkilala sa iba't-ibang simbolong pangmusika- ang note at rest.

Layunin ng modyul na ito ang mga sumusunod;

1. Natutukoy ang mga iba'-t-ibang uri ng note at rest.
2. Nasasabi ang kaukulang kumpas ng uri ng note at rest.
3. Natutukoy ang katawagan ng iba't-ibang bahagi ng note.
4. Nailalarawan ang mga iba't-ibang uri ng note at rest.
5. Naiguguhit nang maayos ang iba't-ibang uri ng note at rest.

Handa ka na bang malaman ang mga uri ng note at rest?

Umpisahan mo dito.

## *Subukin*

Napakahalagang malaman muna ang mga bahagi ng note bago ka dumako sa mas malawak na kaalaman.

Ang note ay may mga bahagi. Ito ay ang stem, head (open/close), hook at beam.

Gawin mo ito.

A. Tingnan nang maayos ang mga larawan. Tukuyin ang bawat bahagi ng note. Gamit ang iyong sagutang papel, isulat ang pangalan ng bahagi na tinutukoy ng bawat bilang.




1. ________________
2. ________________
3. ________________
4. ________________
5. ________________

B. Narito ang mga simbolo ng note at rest na ginagamit sa mga komposisyong pangmusika.

*simbolo* →




← *simbolo*

Kopyahin ang tsart sa iyong sagutang papel. Iguhit ang simbolo ng note o rest na angkop sa katawagan.

| **Mga Note** | | **Mga Rest** | |
|---|---|---|---|
| (1) | Whole Note | (5) | Whole Rest |
| (2) | Half Note | (6) | Half Rest |
| (3) | Quarter Note | (7) | Quarter Rest |
| (4) | Eighth Note | (8) | Eighth Rest |

Mas lalo mo pang matutunan ang tungkol sa note at rest sa mga susunod na gawain at pagsasanay.

| Aralin 1 | Mga Uri ng Note at Rest |
| --- | --- |

## *Balikan*

Ang tunog ng musika ay nababasa at naisusulat sa pamamagitan ng mga simbolo. Kailangang pag-aralan mo ang hitsura ng bawat uri ng note maging ang mga uri ng rest.

A.

Gamit ang mga larawan sa loob ng kahon, iguhit sa iyong sagutang papel ang note na inilalarawan ng bawat bilang.



1. “Open note head” na walang “stem”
2. “Open note head” na may “stem”
3. “Closed note head” na may “stem”
4. “Closed note head” na may “stem” at isang “hook”

B.


Kopyahin nang maayos ang mga tsrart sa iyong papel. Isulat ang katawagan ng note o rest sa ikalawang hanay at at kaukulang kumpas nito sa ikatlong hanay.

| Uri ng note o rest | Katawagan | Kumpas |
| --- | --- | --- |
| 1. 𝅗𝅥 | | |
| 2, ♪ | | |
| 3. 𝄼 | | |
| 4. ♩ | | |
| 5. 𝄽 | | |

## Tuklasin

Mula sa paggamit ng *stick notation*, maaari nating palitan ang mga sticks ng mga *note*. Ang | ay magiging ♩ habang ang naman ay ♪.

1. Tingnan ang sumusunod kung paano napalitan ang stick notation ng note.




2. Bigkasin ang mga salita na naaayon sa kumpas ng mga notes. Gumawa ng audio o video recording para dito at ibigay sa guro para maiwasto ang ginawa.
   Meet me at the garden gate
   If I'm late don't wait.
3. Ilang uri ng notes ang iyong makikita? Iguhit sa iyong papel at ilagay ang katawagan at katumbas na kumpas nito.

## Suriin

Ang isang awitin ay isinusulat gamit ang iba't ibang simbolo sa musika at ito ay tinatawag na **musical score**. Napakahalaga ng note at rest sa isang komposisyon. Pansinin mo sa musical score ng awiting "Magandang Araw!" kung anu-anong note at rest ang ginamit dito. Kilalanin ang mga ito.




***Source:*** *Musika at Sining, Kagamitan ng Mag-aaral, p. 6*

1. Ano- anong mga uri ng note at rest ang makikita sa musical score.?
2. Iguhit ang mga simbolo ng note at rest na nakikita at isulat ang mga katawagan nito.

Sa paggawa ng iskor, gumagamit ang isang kompositor ng mga *note* at *rest* na isinasaayos nang mabuti sa *staff* . Kapag naisaayos na ang mga note sa staff, ito ay nangangahulugan ng tono.

## Ang Mga Note at Rest

Tandaan na ang bawat note ay may katumbas na rest. Ito rin ay may kaukulang bilang ng kumpas. Pag-aralan ang tsart.


| Mga Uri ng Note | Simbolo | Bilang ng Kumpas | Mga Uri ng Rest | Simbolo |
|---|---|---|---|---|
| Whole note | 𝅝 | 4 | Whole rest | 𝄻 |
| Half note | 𝅗𝅥 | 2 | Half rest | 𝄼 |
| Quarter note | ♩ | 1 | Quarter rest | 𝄽 |
| Eighth note | ♪ | 1/2 | Eighth rest | 𝄾 |

Ang pangalan ng isang note ay nakabatay sa kaugnayan nito sa whole note. Samakatuwid, ang isang whole note ay katumbas ng dalawang half. Maaari rin itong katumbas ng apat na quarter note at walong eighth note.


Ito ang saligan ng pagtitimbang-timbang ng iba’t-ibang mga note sa mga rhythmic patterns.

Tingnan ang tsart para lalong matutunan ang mga kaugnayan ng bawat note at rest.

**Note**



**Rest**



## Pagyamanin

Para lalo ninyong matutunan ang wastong bilang ng kumpas ng bawat note, gamitin natin ang angkop na rhythmic syllables para sa bilang ng bawat note.

a. Pag-aralan ang mga sumusunod:

 = ta -a -a -a ← *rhythmic syllables*

1 2 3 4 ← *bilang ng kumpas*

 = ta - a ← *rhythmic syllables*

1 2 ← *bilang ng kumpas*

 = ta ← *rhythmic syllable*

1 ← *bilang ng kumpas*

 = ti – pi ← *rhythmic syllables*

½ ← *bilang ng kumpas*

b. Ngayon naman ay subukang bigkasin ang silaba at ipalakpak ang kumpas ng bawat note. Maaaring i-record sa video and ginagawa at ipasa sa guro sa pamamagitan ng messenger.

Nagawa mo ba na bigkasin ang silaba at ipalakpak ang kumpas ng bawat note? Kung Oo, binabati kita! Kung hindi naman, maaari mong ulit-ulitin ang ginawang pagkumpas para matutunan ng maayos.

## *Isaisip*

Natandaan mo ba ang mahahalagang konsepto ng aralin?

1. Kopyahin ang tsart sa iyong papel at isulat ang mga pangalan at kumpas ng bawat uri ng note o rest.

| Simbolo | Pangalan | Kumpas |
|---|---|---|
| 𝅗𝅥 | Half note | 2 |
| 𝄼 | Half rest | 2 |
| 𝅝 | Whole note | 4 |
| 𝄾 | Eighth rest | 1/2 |
| 𝅘𝅥𝅮 | Eighth note | 1/2 |
| 𝄻 | Whole rest | 4 |
| 𝅘𝅥 | Quarter note | 1 |

2. Iguhit ang note na angkop mga sumusunod na rhythmic syllables.

   Ta-a-a-a ________ Ta-a _________

   Ti ________ Ta __________


## *Isagawa*


Narito ang ilan pang gawain. Gumawa ng video recording para sa pagsasanay na ito at ipakita sa guro sa pamamagitan ng messenger.


Gawin ang mga sumusunod na pagsasanay nang buong husay.

a. Pagpapalakpak sa unang kumpas ng bawat note.
b. Pagbibilang ng kumpas
c. Pagbigkas ng panritmong silaba
d. Sabay na pagpalakpak at pagbigkas ng silaba

Ipalakpak lamang ang unang kumpas ng bawat note.




Nagawa mo ba nang buong husay?

Magaling!



## *Tayahin*

Sa mga gawain sa pagsasanay na ito. Lahat ng iyong kasagutan ay isusulat sa iyong papel.

A. Tukuyin ang iba't ibang uri ng note at rest. Isulat ang pangalan o katawagan sa ikalawang hanay, at ang bilang ng kumpas naman sa ikatlong hanay.

| | Simbolo | Katawagan | Kumpas |
|---|---|---|---|
| 1. |  | | |
| 2. |  | | |
| 3. |  | | |
| 4. |  | | |
| 5. |  | | |


B. Ilarawan ang mga sumusunod na uri ng note.

1. 
2. 
3. 
4. 

C. Gumuhit ng dalawang kahon. Sa unang kahon, iguhit sa loob ang mga iba't-ibang uri ng note at sa ikalawang kahon naman ang iba't- ibang uri ng rest.

## ***Karagdagang Gawain***

Ipalakpak at bigkasin ang rhythmic syllables ng bawat note.

1. 
2. 
3. 
4.
5. 

Humingi ng tulong sa isa sa iyong kasamahan sa bahay para sa video recording ng mga ginagawang kasanayan, at ibigay sa guro sa pamamagitan ng messenger.

Inaasahan ko na natuto ka sa aralin natin ngayon. Binabati kita!

**Subukin**

A. 1, hook
2. stem
3. close head
4. beam
5. open head

B.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 𝅝 | whole note | 𝄻 | whole rest |
| 𝅗𝅥 | half note | 𝄼 | half rest |
| ♩ | quarter note | 𝄽 | quarter rest |
| ♪ | eighth note | 𝄾 | eighth rest |

**Balikan**

A. 1. 𝅝
2. 𝅗𝅥
3. ♩
4. ♪

B.

| Uri ng note o rest | Katawagan | Kumpas |
|---|---|---|
| 1. 𝅗𝅥 | Half note | 2 |
| 2, ♪ | Eighth note | ½ |
| 3. 𝄻 | Whole rest | 4 |
| 4. ♩ | Quarter note | 1 |
| 5. 𝄽 | Quarter rest | 1 |

**Tuklasin**

3. Dalawa ♪ eighth note ♩ quarter note

**Suriin**

♩ Quarter note 𝅗𝅥 half note ♪ eighth note 𝄽 Eighth rest

# *Susi sa Pagwawasto*


**Pagyamanin**

(sariling gawain)

**Isaisip**

1.

| Simbolo | Pangalan | Kumpas |
|---|---|---|
| 𝅗𝅥 | Half note | 2 |
| 𝄼 | Half rest | 2 |
| 𝅝 | Whole note | 4 |
| 𝄾 | Eighth rest | 1/2 |
| ♪ | Eighth note | 1/2 |
| 𝄻 | Whole rest | 4 |
| ♩ | Quarter note | 1 |

2. 

**Tayahin**

A. 1. 𝅗𝅥 Half note 2

2. 𝄾 eighth rest ½

3. ♩ quarter note 1

4. 𝄼 half rest 2

5. 𝅝 whole note 4


B. 1. close head na may stem

2. Open head

3. close head na may stem at hook

4. open head na may stem

C.



## *Sanggunian*


Copiaco, Jacinto Jr., Halinang Umawit at Gumuhit, Vibal Group Inc.,2016

Kagawaran ng Edukasyon, Patnubay ng Guro, Book Media Press Inc.,2015

Kagawaran ng Edukasyon, Kagamitan ng Mag-aaral, Book Media Press Inc. 2015

Valdecantos, Emelita C. Umawit at Gumuhit, St. Mary's Publishing Corp., 1999

google.com/search?q=kinds+of+note+clipart+png&oq=kinds+of+note+clipart+png&aqs=chrome..69i57j33.19760j1j7&sourceid=chrome&ie=UTF-8

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph